

Ang Kasalanan ng Pagbulung-bulong Yugto 2

Tayo'y magpapatuloy sa mensaheng ito upang salitain at talakayin ang kasalanan ng pagrereklamo sa pamamagitan ng pagbabasa at pag aaral ng Banal na Kasulatan.

3. “1 At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay naglakbay mula sa ilang ng Sin, sa kanilang paglalakbay ayon sa utos ng Panginoon, at humantong sa Rephidim: at walang tubig na mainom ang bayan. 2 Kaya't ang bayan ay nakipagtalo kay Moises, at nagsabi, Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom. At sinabi ni Moises sa kanila, Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? bakit ninyo tinutukso ang Panginoon? 3 At ang bayan ay nauhaw at inupasala ng bayan si Moises, at sinabi, Bakit mo kami isinampa rito mula sa Egipto, upang patayin mo kami sa uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming kawan? 4 At si Moises ay dumaing sa Panginoon, na nagsasabi, Anong aking gagawin sa bayang ito? kulang na lamang batuhin nila ako. 5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Dumaan ka sa harap ng bayan, at ipagsama mo ang mga matanda sa Israel; at ang iyong tungkod na iyong ipinalo sa ilog, ay tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka. 6 Narito, ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom. At gayon ginawa ni Moises sa paningin ng mga matanda sa Israel. 7 At tinawag nila ang pangalan ng dakong yaon, na Massah at Meribah, dahil sa pakikipagtalo ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang tinukso ang Panginoon, na kanilang sinasabi, Ang Panginoon ba'y nasa gitna natin o wala?” (Exodu 17:1-7 KJV)

“1 At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay naglakbay mula sa ilang ng Sin, sa kanilang paglalakbay ayon sa utos ng Panginoon, at humantong sa Rephidim: at walang tubig na mainom ang bayan.” (Exodu 17:1 KJV) Ang kapisanan ng mga Israelita matapos ng napasa ilang ng Kasalanan kung saan tinanggap nila ang manna, ngayon ay lumipat sila mula roon upang makarating sa Bundok ng Sinai at narating at itinayo ang kanilang tolda sa Rephidim. Marahil sila'y nanatili doon sa ilang ng Kasalanan sa loob ng isang linggo bago sila lumipat sa Rephidim na nangangahulugang **‘lugar ng kapahingahan’**, na kung saan ay walang tubig.

“2 Kaya't ang bayan ay nakipagtalo kay Moises, at nagsabi, Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom. At sinabi ni Moises sa kanila, Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? bakit ninyo tinutukso ang Panginoon?”

“Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? bakit ninyo tinutukso ang Panginoon? dito ang mga tao ay nakipagtalo at nakipaglaban kay Moises; at tiyak na nagsalita sa kanya sa mahalay na paraan at sa masasamang salita ay nakipag away sa kanya. Sinabi nila sa kanya, **“Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom.”** Ang gayong kahilingan tanging ang Dios lamang ang makakapagbigay sa kanya. Pinipilit nila si Moises na gawin ito para sa kanila, na para bang nasa dating isip pa sila mula nang ilabas sila ni Moises mula sa Egipto, iniisip nila na ang lahat ng nangyayari ay nasa kanyang kapangyarihan at plano. Hanggang sa sandaling ito ay malinaw nating nakikita na hindi nila nakita ang Dios o nagkaisip na manalangin at humingi sa Dios ng kanilang pangangailangan. * Matutong magkaroon ng pananampalataya sa Dios at sa anumang kahirapan o pagsubok na pinagdadaan mo kailangan mong bumaling sa Dios at manangis sa Kanya; manalangin sa Kanya na Siya paginhawain ka at ilaan ng iyong pangangailangan. * **Matuto rin na huwag ibuhos ang iyong galit at pagkabigo sa mga taong nakapaligid sa iyo at sa mga taong inilagay ng Dios sa awtoridad sa iyo. Huwag gumawa mula sa kanila ng isang dadayain para sa kung ano ang ikaw ay dumadaan sa pamamagitan ng mga problema.** Iniisip ng mga tao na kayang gumawa ni Moises ng mga himala at maglaan ng tubig para sa kanila dahil nakagawa siya ng maraming mga himala, at maaring pinahintulutan siya ng Dios na gawin iyon. Ngunit nakalimutan nila na ang PANGINOON ang tanging naglabas sa kanila mula sa Egipto, na nag akay sa kanila sa pamamagitan ng Dagat na pula, at nagpatamis ng tubig sa Mara para sa kanila, na nagdala sa kanila sa mga bukal ng tubig ng Elim, at nagpaulan ng laman at tinapay sa palibot ng kanilang mga tolda sa ilang ng Sinai, at nagpatuloy pa sa pagpaulan ng manna sa kanila. * **Kaya maging sa ngayon magtiwala sa Dios at sumandig sa Kanya na siya ang mag aalis sa iyo mula sa mga kaguluhan na ikaw ay napapaloob.**

“At sinabi ni Moises sa kanila, Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? Hinarap dito ni Moises ang mga tao upang maituwid sila at maibalik sila upang magisip ng tama tulad ng dapat. Tinanong niya sila kung bakit sila nakikipagtalo sa kanya; na parang sinasabi niya sa kanila na ang PANGINOON ang nagdala sa kanila doon sa dakong ilang na iyon at ang Panginoon na nauuna sa kanila sa haligi ng ulap at apoy, at hindi ang kanyang sarili na pumipigil sa kanila na magkaroon ng tubig. Kaya napaka walang dahilan sila sa kanya. **Sa parehong paraan kailangan natin ng tiyak na panahon upang harapin ang mga tao at itama ang kanilang maling pananaw marahil ay mapagtanto nila at magsisi at bumalik sa tamang daan ng buhay.** Nagpatuloy pa si Moises at sinabi sa kanila ang sumusunod:

“bakit ninyo tinutukso ang Panginoon? Sa ginagawa nila tinutukso nila ang PANGINOON, kung sino si Cristo, gaya ng makikita mula sa isinulat ni Pablo, **“10 Ni huwag din naman nating tuksuhin ang Panginoon, na gaya ng pagkatukso ng ilan sa kanila, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga ahas.” (1 Corinto 10:10)**

KJV) Batid nila na hindi sila nakikipagtalo kay Moises kundi sa Dios sapagkat noong una sinabi niya sa kanila ang dahilan ng kanilang pagbulung-bulong dahil sa kakulangan ng pagkain ang mga sumusunod, **“At sinabi ni Moises, Ito’y mangyayari, pagbibigay ng PANGINOON sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog; sapagka’t naririnig ng PANGINOON ang inyong mga pagupasala na inyong iniuupasala laban sa kaniya: at ano kami? ang inyong mga pagupasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa PANGINOON.”** (Exodu 16:8 KJV) Batid nila na ang ginagawa nila kay Moises sa pakikipagtalo sa kanya ay hindi tama, at sa mga ganoon ay sinusubok nila ang PANGINOON. **“7 At tinawag nila ang pangalan ng dakong yaon, na Massah at Meribah, dahil sa pakikipagtalo ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang tinukso ang Panginoon, na kanilang sinasabi, Ang Panginoon ba’y nasa gitna natin o wala?”** (Exodu 17:7 KJV) Sinusubukan nila ang kapangyarihan ng Dios, kung makakapagbigay sa kanila ng tubig sa tuyo at sa ilang na lupa; at sinusubukan nila ang kahinahunan ng Dios sa pakikipagtalo sa Kanyang lingkod at pagpapakita ng sobrang walang pagtitiwala sa Kanyang kapangyarihan at paglingap, ng Kanyang kabutihan at katapatan; at sa pamamagitan ng kanilang walang pasasalamat at paghihimagsik tinukso nila Siya upang pilitin Siyang gumawa ng isang himala para sa kanila. **Kailangan nating harapin ang mga tao at yanigin sila; hindi dahil hindi nila alam ang kanilang ginagawa, kundi sinusubukan nilang makuha ang gusto nila mula sa Dios sa pamamagitan ng pakikipagtalo sa atin. Kaya huwag tayong matakot at mayanig sa gayong pag uugali ng mga tao.**

“3 At ang bayan ay nauhaw at inupasala ng bayan si Moises, at sinabi, Bakit mo kami isinampa rito mula sa Egipto, upang patayin mo kami sa uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming kawan?” (Exodu 17:3 KJV) Nang sila’y dumating sa lugar at nakitang walang tubig doon sila’y nakipag away kay Moises dahil bukit niya dinala sila doon sa isang lugar na walang tubig at paano nila mapapangsiwaan ang kanilang buhay nang walang tubig, at dahil sa kaunting panahon doon, at lahat ng tubig na dala nila mula sa Alush, ang dating istasyon, na ginugol, at kaya walang maininom, ay nagsimulang maging lubhang uhaw. Lalo silang naging walang pasensya at nagalit kay Moises, at nagsimulang magreklamo at bumulong bulong laban sa kanya gamit ang mga salitang masama at karaingang salita at mga pahayag. **Kapag ang mga tao ay nagsisimulang magsalita sa masasamang salita laban sa atin ganyan ang kanilang pakikipaglaban sa atin at pagbulung bulungan laban sa atin, samakatuwid hindi tayo dapat matakot, kundi maging mas matiyaga at magtiis at hayaan ang Dios na harapin sila.** Sinabi nila kay Moises **“Bakit mo kami isinampa rito mula sa Egipto, upang patayin mo kami sa uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming kawan?”** Sila’y parang mga bulag na hindi makita na ang Dios ay sumasa kanila at Siya ang tanging naglabas sa kanila sa Egipto, at iyon ang Kanyang kalooban at hindi ang pasya o ang kalooban ni Moises na pumunta sa gayong uri ng pagdurusa. Totoo na sila’y nahaharap sa hirap ng pagkauhaw lalo na ang kanilang mga anak, asawa at kawan, at sa matatanda at maging sa mga taong may karamdaman at kung paano ang kanilanga buhay ay magiging mahirap nang wala nito at nanganganib dahil doon maging sa kamatayan. Ngunit hindi kasalanan ni Moises ang kanyang ginawa, kundi ang Dios ang nagdala sa kanila roon. **Kaya naman mas kailangan nating maging matiyaga at huwag magpadala sa mga taong nagbulung bulungan at nagrereklamo kapag alam natin na ang hirap na kanilang pinagdadaanan ay ang disiplina ng Dios para sa kanila at ang pagsasanay na inihanda Niya sa kanila upang pagdaanan.** Kung sila’y lalapit kay Moises at hilingin sa kanya na manalangin sa Dios na lutasin ang problemang ito at matugunan na kailangan ito ay lubhang mas mahusay at katanggap-tanggap. Ngunit para akusahan si Moises na siya ang nagdala sa kanila palabas ng Egipto upang patayin sila at ang kanilang mga anak at kawan, at sila’y nakikipagtalo sa kanya na gumawa ng maraming mabubuting bagay sa kanila, ang gayon ay masyadong maraming para sa kanila na gawin laban sa kanilang tapat na pinuno.

“4 At si Moises ay dumaing sa Panginoon, na nagsasabi, Anong aking gagawin sa bayang ito? kulang na lamang batuhin nila ako.” (Exodu 17:4 KJV) Si Moises sa kanyang pagdurusa ay dumaing sa PANGINOON; siya’y nanalangin sa Kanya para sa pagdurusa at sa panganib na siya ay napapaloob. Iyon ang paraan ni Moises na palaging ginagawa sa tuwing siya ay napapasama sa mga tao, at iyon ang kanlungan na lagging niyang kinukuha; kung saan siya ay gumawa ng mabuti, at nagpakita ng mabuting halimbawa ng pananampalataya at pagtitiwala sa Dios. **Sa parehong paraan kailangan nating dumaing sa Dios sa tuwing tayo’y dumadaan sa gayong uri ng masakit na karanasan sa mga tao maging sa buhay o maging sa buhay ng ating ministerio sa Dios.** Si Moises ay umiyak sa Dios, **“Anong aking gagawin sa bayang ito?”** Si Moises dito ay nanangis sa Dios nang taimtim upang malaman mula sa Dios kung ano ang kailangan niyang gawin para sa mga taong ito upang sila ay maibsan sa paghihirap ng pagkauhaw na kanilang kinaroroonan at sa gayo’y si Moises mismo ay maibsan. Sa daing na iyon ni Moises sa Dios ay sinasabi niya sa Kanya na wala siyang magagawa para sa kanila sa panahong ito upang bigyan sila ng ginhawa maliban sa panalangin at pagsusumamo sa Dios at paghingi sa Kanya ng tulong sa gayong panahon ng pangangailangan. Sa gayong pagtangis ni Moises sa Dios sinasabi niya sa Kanya na walang siyang magagawang anumang bagay sa kanila at sandaling ito para maibsan sila maliban sa panalangin at pagtangis sa Dios at paghingi sa Kanya ng tulong sa gayong panahon ng pangangailangan. Si Moises sa parehong kalagayan sa mga tao, sa kawalan ng tubig at pagka uhaw, maliban na ang kanyang asawa at mga anak ay wala sa kanya, ngunit hindi siya nagpakita ng anumang reklamo at tanda na ang kawalan ng tubig ay masdayong nakaapekto sa kanya, kundi ang ginagawa lamang ng mga tao ang dahilan ng kanyang pagkabalisa. Kaya siya’y dumaing sa Dios subalit hindi nawawalan ng pag asa para sa ginhawa, kundi

nagpapahayag ng pananampalataya sa kapangyarihan at kabutihan ng Dios upang panatilihin sila, na nagnanais na Siya ay magbubukas ng paraan upang matulungan sila, at upang gabayan siya kung ano ang kailangan niyang gawin para sa kanila sa sitwasyong iyon. Si Moises sa kanyang daing ay nagnais na ang gayong kaluwagan ay gawin kaagad para sa kaluwalhatian ng Dios, para sa kanyang sariling kaligtasan gaya ng kanyang idinagdag, **“kulang na lamang batuhin nila ako.”** at upang pigilan ang mga tao na magkasala pa nang higit pa, at sa gayon ay magdala ng pagkawasak sa kanila. **Kaya kailangan nating umiyak at manalangin sa Dios at na nagpapahayag ng ating pananampalataya sa Kanya na kaya Niyang paginhawain tayo, at sinasabi rin natin na wala tayong magagawa sa ating mga kamay upang maibsan ang mga tao kaya naman tayo ay dumadaing sa Kanya na lutasin ang naturang krisis na inilagay sa atin at sinasabi rin sa Kanya na protektahan tayo mula sa mga taong nagbubuga ng kanilang galit laban sa atin.** Si Moises ay nagsumamo sa Dios, sapagkat ang mga tao ay handang batuhin siya; handa nilang gawin ang gayong gawain sa isang inosenteng lider na gumawa ng lahat ng mabubuting bagay na ipinagawa sa kanya ng Diyos para sa kanila. **Kaya kapag ginawa natin ang lahat ng magagandang bagay sa mga tao at lumapit sila at lumaban sa atin at nais na makapinsala sa atin, kung gayon iyon ang kanilang pagbulung bulungan laban sa Dios.** Ang mga tao ay walang pasensya. sa galit, at dahil nasa isang mabato at mabatong lugar ay handa nilang batuhin si Moises katulad ng inaasahan niya mula sa mga Egipcio na gagawin sa mga Israelita kung sila ay maghahandog sa Dios sa harapan nila, **“26 At sinabi ni Moises, Hindi marapat na aming gawing ganyan; sapagka't aming ihahain ang mga kasuklamsuklam ng mga Egipcio, sa PANGINOON naming Dios: narito, ihahain ba namin ang kasuklamsuklam ng mga Egipcio sa harap ng kanilang mga mata at di ba nila kami babatuhin?”** (Exodu 8:26 KJV) Kaya ang kinatatakutan ni Moises mula sa mga Egipcio ay gagawin, gagawin sana ito sa kanya ng mga Israelita. **Upang sabihin ko sa inyo ang katotohanan hindi ako kailanman nasaktan mula sa mga hindi mananampalataya sa paligid natin kundi nasaktan ako ng mismong mga mananampalataya na pinaglilingkuran namin.**

“5 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Dumaan ka sa harap ng bayan, at ipagsama mo ang mga matanda sa Israel; at ang iyong tungkod na iyong ipinalo sa ilog, ay tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka.” (Exodu 17:5 KJV) Dito ay sinagot ng Dios ang kanyang pananalangin at ang pagdaing ni Moises at sinabi sa kanya ang kinakailangan niyang gawin sa mga tao at kung paano niya harapin sila, Sinabi ng Dios sa kanya na **“Dumaan ka sa harap ng bayan.”**, iyon ay upang akayin ang mga tao at pumaroon sa harap nila sa Bundok ng Sinai o Horeb na tila walang nangyari; sa lugar na inakala ng Dios na makikipagkita kay Moises kasama ang mga tao tulad ng makikita natin sa susunod na talata, at tulad ng napagkasunduan dati sa pagitan ni Moises at ng Dios gaya ng mababasa natin dito, **“12 At kaniyang sinabi, Tunay na ako'y sasaiyo; at ito'y magiging tanda sa iyo, na ikaw ay aking sinugo: pagka iyong nailabas na sa Egipto ang bayan ay maglilingkod kayo sa Dios sa bundok na ito.”** (Exodu 3:12 KJV) Sinasabi ng Dios dito kay Moises na maging maging matapang at huwag matakot, kundi sumulong upang patnubayan sila, *** Hindi natin kailangang matakot sa mga taong nagngangalit at nakikipag away sa atin. Hindi babaguhin ng Dios ang Kanyang plano at kung ano ang Kanyang itinakda para sa Kanyang mga tao na dumaan sa ilang at sa makipot na daan na inilagay Niya sa harap natin upang makapasok sa kawalang hanggan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. Kaya nga sinasabi ko at ipinapahayag ko na hindi ko ginawa at hindi ko babaguhin ang turo na ibinigay sa akin ng Dios, at sa mga tao kung sila'y mangangalit, makikipaglaban, makikipagtalo o makikipag away sa akin, ipinapahayag ko ngayon, na hindi ko gagawin kundi ang sinabi ng Dios sa Kanyang Salita at kung ano ang sinabi ng Banal na Espiritu at sinasabi Niya sa akin. Makikita mo dito nang si Moises ay nanalangin at dumaing sa Dios siya ay nahikayat at pinalakas ng kapangyarihan ng Dios na sumulong at patnubayan ang mga tao at gawin ang kalooban ng Dios. Mas hinihikayat tayo nito na manalangin nang higit pa at manalangin sa Dios sa oras ng kagipitan.** Sinabi ng Dios kay Moises, **“at ipagsama mo ang mga matanda sa Israel;”** ang matatanda ng angkan at ang pinuno ng mga pamilya na isama niya sa gayo'y sila'y maging saksi na makita ang tubig na lalabas sa bato. Bukod dito, sinabihan niya ito na kunin ang kanyang tungkod, **“at ang iyong tungkod na iyong ipinalo sa ilog, ay tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka.”** Ang parehong tungkod na ginamit niya upang ipalo sa ilog ng Nilo at sa tubig upang maging dugo, at siyang parehing tungkod na ginamit upang hatii ang dagat. Ang tungkod na iyon ay hindi para sa pagpaparusa, tulad ng kay Paraon at sa mga Egipcio, kundi para sa pagdadala ng mabubuting bagay sa kanila; Dahil kapag nakita nila ito sa Kanyang kamay, kung saan napakaraming himala ang nagawa, maaaring hikayatin silang umasa na may gagawin para sa kanila, at na ang tubig ay maiinom nila. **Lagi nating kailangang bumalik sa Dios sa ating mga problema at paghihirap kaya sasabihin Niya sa atin ang eksaktong kailangan nating gawin.**

“6 Narito, ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom. At gayon ginawa ni Moises sa paningin ng mga matanda sa Israel.” (Exodu 17:6 KJV) Narito sinabi ng Dios kay Moises na Siya ay tatayo sa ibabaw ng batong Horeb, at ang layunin dito na ang Dios ay tatayo ay harap ni Moises upang alalaya siya at hikayatin siya na hindi siya nag-iisa kundi ang Dios ay sumasa kanya. Ang layunin ng Dios na nais Niyang manampalataya si Moises na habang papaluin niya ang bato ang tubig na iyon ay lalabas mula rito. Nais ng Dios na manampalataya sa Kanya na ang lahat ng ipinangako Niya sa atin sa Kanyang Salita na gagawin Niya para sa atin at Siya ay naroroon upang alalayan tayo at hikayatin tayo at tustusan tayo sa panahon ng kaguluhan. Kaya si Moises ay dapat paluin ang bato sa harapan ng Dios, at may pangako ng Dios na ang tubig ay lalabas mula rito

upang ang mga Israelitang uhaw ay makainom ng tubig; kaya sila at ang kanilang mga baka ay hindi mamamatay, pati na rin si Moises ay mapoprotektahan. Sa gayong ipinakita ng Dios ang Kanyang sarili na mapagbiyaya at maawain maging sa mga taong nagbubulung bulungan at walang utang na loob. Tunay na nang hampasin ni Moises ang bato gamit ang kanyang tungkod, bumuhos ang tubig at uminom ang mga tao kasama ang kanilang mga baka, bakahan at kawan at natugunan ang kanilang mga pangangailangan; sa malaking kasaganaan, tulad ng mga batis at ilog, para sa pagpapamatig uhaw ng mga tao, at ng kanilang mga baka. Ang iba pang mga Banal na Kasulatan na nagsasalita tungkol doon ay ang mga sumusunod: **“15 Na siyang pumatnubay sa iyo sa malaki at kakilakilabot na ilang na tinatahanan ng mga makamandag na ahas at mga alakdan, at uhaw na lupa, na walang tubig; na siyang naglabas sa iyo ng tubig mula sa batong pingkian; “ (Deuteronio 8:15 KJV) “20 Narito, kaniyang pinalo ang bato, na ang mga tubig ay bumubuluwak, at mga bukai ay nagsisiapaw; makapagbibigay ba siya ng tinapay naman? Ipaghahanda ba niya ng karne ang kaniyang bayan?” (Awit 78:20 KJV) “41 Hindi niya tiniis ang sinomang tao na gawan sila ng kamalian; Oo, kaniyang sinaway ang mga hari dahil sa kanila;” (Awit 105:41 KJV) Ang Batong ito ay si Cristo, **“At lahat ay nagsiinom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagka’t nagsiinom sa batong ayon sa espiritu na sumunod sa kanila: at ang batong yaon ay si Cristo.” (1 Corinto 105:41 KV)** at ang daloy ng tubig ay katulad sa biyaya ng Dios na ibinigay Niya upang tulungan tayo at itustus tayo, at katulad sa Kanyang dugo na ibinuhos sa krus upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan.**

“7 At tinawag nila ang pangalan ng dakong yaon, na Massah at Meribah, dahil sa pakikipagtalo ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang tinukso ang Panginoon, na kanilang sinasabi, Ang Panginoon ba’y nasa gitna natin o wala?” (Exodo 17:7 KJV) Ibinigay ni Moises ang dalawang pangalang ito para sa lugar. Ang kahulugan ng Massah ay **‘tukso’** at ang kahulugan ng Meribah ay **‘pagtatalo’** o **‘pakikipagtalo’** dahil sa sumusunod na mga dahilan: una **“dahil sa pakikipagtalo ng mga anak ni Israel,”** kaya nga tinawag itong Meribah. Pangalawa **“dahil sa kanilang tinukso ang PANGINOON, na kanilang sinasabi, Ang PANGINOON ba’y nasa gitna natin o wala?”** kaya naman tinawag niya itong Massah. Ang kanilang sinasabi sa kanilang pakikipag away at pagngangalit ng mga kilos at gawa ay ang mga sumusunod: Kung bibigyan sila ng Dios ng tubig na maiinom; para sa kanilang sarili, para sa kanilang mga anak at para sa kanilang mga hayop kung gayon Siya ay kasama nila, ngunit kung hindi kung gayon hindi Siya sumasa kanila, at sa gayon tinukso nila ang PANGINOON. Para bang lubos nilang nakalimutan ang lahat ng naunang himala at kababalaghan na ginawa at iniligtas sila ng Dios at ibinigay ang kanilang mga pangangailangan.

“Sa aking mahal at minamahal: Lumapit ngayon sa Dios sa pagsisisi. Huwag hayaang ang paglalaan ng Dios ang tanging dahilan para manampalataya ka na nariyan ang Dios na sumasa iyo. Papatnubayan ka ng Dios sa gayong mga pagsubok patungo sa ilang habang tayo ay sumusulong na umaasang makakatagpo si Jesus, at kailangan mong matutong maging kuntento tulad ng sinabi ni Pablo, **“11 Hindi sa sinasabi ko ang tungkol sa kailangan: sapagka’t aking natutuhan ang masiyahan sa anomang kalagayang aking kinaroroonan. 12 Marunong akong magpakababa, at marunong naman akong magpakasagana: sa bawa’t bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim maging sa kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan. 13 Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin.” (Filipos 4:11-13 KJV)** Ang Dios ay mapagbiyaya sa atin kaya:

- • Tingnan natin Siya sa bawat pagkakataon ng ating buhay bilang Kristiyano.
- • Lumakad tayo na kasama Niya. Huwag nating tingnan nang negatibo ang mga tao at ang mga nasa katungkulan at namumuno at sisihin sila, akusahan sila ng mali at magmura laban sa kanila sa mga hirap na ating pinagdadaanan.
- • Ating basahin ang isipan ng Dios at tingnan natin ang higit pa sa mga hirap na ating pinagdadaanan.
- • Unawain at tingnan natin ang bagong estilo ng pamumuhay na inorden ng Diyos para madaanan natin.
- • Matuto tayong makita ang kaluwalhatian ng Diyos sa ilang ng buhay na ito na ating ipinamumuhay hanggang sa isalin natin sa Langit.
- • Tayo ay magalak sa manna na ibinigay sa atin ng Dios at ang daan na ibinibigay Niya sa atin ang lahat ng ating pang araw-araw na kailangan at pangangailangan.
- • Tayo’y magpasalamat sa Kanya para sa bawat lingap, at sa paggabay at disiplina, sa presensya Niya sa ating buhay at lugar sa Langit na mayroon Siya para sa atin.

Tayo ay manalangin....

Ang aking panalangin: Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa Salita mo at sa aral na Aking tinanggap sa mensaheng ito.

Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasalanan sa Dios. Talikdan ang kasalanan ng pagbulong-bulong at pakikipag away sa iba, lalo na sa mga pinuno na nasa itaas mo at sa mga tanggapan. Talikdan ang kasalanan ng kakulangan ng pagbabasa sa Salita ng Dios at panalangin, at ng kakulangan ng panampalataya sa

Dios. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduhan at ang pagibig sa materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikdan ang iyong kasakiman at kawalan ng kapanatagan. Ipagtapat at talikdan ang paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at hindi ng plano ng Dios para sa iyo. Ipagtapat ang kasalanan ng hindi handang magdusa at dumaan sa makipot na daan at sa ilang na itinakda ng Dios para sa iyo at pagdaanan. Panginoon patawarin ako ako 'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon Ako 'y dumadaing sa iyo na alisin ako mula sa sumusunod na mga kaguluhan _____

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sundin ang iyong Salita at tupdin ang iyong kalooban sa aking buhay. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magbunga pa ng bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, mahabang pagdurusa, pagtitiis at kababaang loob na makita ng mga tao si Cristo sa aking buhay.

Panginoon salamat para sa lahat ng aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na ipamuhay para sa iyo. Panginoon tulungan dila at panatilihin sila at tustusan sila habang handa sila na dumaan sa makipot na daan at sa plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon patuloy na ipahayag ang iyong sarili sa kanila at salitain sa kanila at ipakita sa kanila ang iyong kaluwalhatian sa gayo'y patuloy silang magpatuloy sa tamang direksyon na itinakda mo para sa kanila na pumaroon.

Panginoon pagpalain kami bilang simbahan, at tulungan kami na magtiis sa buhay na ito sa pagtuturo sa mga tao at sa paghahanda sa kanila para sa iyong pagparito. Panginoon alalayan kami at ibigay ang lahat ng aming mga pangangailangan upang patuloy kaming makapaglingkod sa iyo at lumakad kasama mo. Panginoon protektahan mo kami at iligtas mo kami sa masama at tulungan mo kami sa panahon ng mga kagipitan. Panginoon dalangin ko na ang lahat ng mga manggagawa ng simbahan ay maging nasa mabuting pag uugali at malayo sa pagngangalit at pagrereklamo at maging handang magtiis sa panahon ng pagdurusa. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob upang pumunta at mag evangelio at gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios', Panginoon pagpalain kami, palawakin ang lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ng biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Kasalanan ng Pagbubulung-bulong Yugto 2. Exodo 17:1-7. 1 Corinto 10:9. Exodo 16:8. Exodo 8:26. Exodo 3:12. Deuteronomio 8:15. Awit 78:20. Awit 105:41. 1 Corinto 10:4. Filipos 4:11-13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com